# Tunay na si Allāh ay hindi lumalabag sa katarungan sa magandang gawa sa isang mananampalataya. Bibigyan siya dahil doon sa Mundo at gagantihan siya dahil doon sa Kabilang-buhay

Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na si Allāh ay hindi lumalabag sa katarungan sa magandang gawa sa isang mananampalataya. Bibigyan siya dahil doon sa Mundo at gagantihan siya dahil doon sa Kabilang-buhay. Hinggil naman sa tagatangging-sumampalataya, pinatitikim siya ng mga maganda ng ginawa niya para kay Allāh sa Mundo, na hanggang sa kapag humantong siya sa Kabilang-buhay ay hindi na siya magkakaroon ng isang magandang gawa na gagantihan siya dahil dito."}
[صحيح] [رواه مسلم]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kadakilaan ng kabutihang-loob ni Allāh sa mga mananampalataya at katarungan Niya sa mga tagatangging sumampalataya. Hinggil sa mananampalataya, hindi babawasan ang gantimpala ng magandang gawa na ginawa niya; bagkus bibigyan siya dahil dito sa Mundo ng isang maganda dahil sa pagtalima niya, kasama ng iniimpok para sa kanya na ganti sa Kabilang-buhay. Maaaring iingatan ang ganti sa kabuuan nito para sa kanya sa Kabilang-buhay. Hinggil naman sa tagatangging sumampalataya, magbibigay sa kanya si Allāh ng ganti sa anumang ginawa niya, kabilang sa mga magandang gawa, ng katumbas sa mga magandang gawa sa Mundo, na hanggang sa kapag humantong siya sa Kabilang-buhay ay hindi na siya magkakaroon ng isang gantimpalang gagantihan siya dahil dito dahil ang maayos na gawa na nagpapakinabang sa Mundo at Kabilang-buhay ay kinakailangan na ang tagagawa nito ay isang mananampalataya.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65015